TOMO 9 BILANG 8 | ISSN NO. 2599-5405 | AGOSTO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI




# CARD MRI FOUNDER, DUMALO SA PAGKILALA SA BAGONG 2022 RVR AWARDEE

*ni Cyrene Grace Lubigan*

*Ang mga nasa larawan ay ang mga nakaraang nagsipagwagi ng Ramon V. Del Rosario Award for Nation Building na sina CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip (kaliwa), Former Planters Development Bank Chairman and CEO Ambassador Jesus P. Tambunting (ikalawa sa kaliwa),Former Department of Agriculture Secretary Senen Bacani (kanan), kasama ang 2022 Awardee Jollibee Founder and Chairman Dr. Tony Tan Caktiong at ang kanyang maybahay na si Grace Tan Caktiong.*

Dumalo sa *awarding ceremony* ng Ramon V. Del Rosario Award for Nation Building si CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip noong Hulyo 25, 2022. Si Dr. Alip ay tumanggap ng pagkilalang ito noong 2019 dahil sa kanyang ambag sa kaunlaran ng Pilipinas dahil sa pagtatag ng CARD MRI.

Ngayong taon, ang tumanggap ng RVR Award ay si Jollibee Founder and Chair Dr. Tony Tan Caktiong. "Kinikilala ng CARD MRI ang lahat ng pagsusumikap ng mga kapwa nating Pilipino sa laban patungo sa kaunlaran. Habang nais natin bilang isang institusyon na maging kabahagi sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa, alam nating hindi natin ito magagawa ng tayo lang. Ang mga *nation builder* tulad ni Dr. Tony Tan Caktiong ay nagbibigay ng inspirasyon sa atin na ipagpatuloy ang ating paglalakbay sa pagbibigay ng mahusay na oportunidad sa ating mga kababayan," pagbabahagi ni Dr. Alip.

Kinilala si Dr. Alip noong 2019 sa

2

## CARD SME Bank, binuksan ang ika-37 sangay nito sa Valencia City, Bukidnon

*ni Harlene Reyes*

Binuksan ng CARD SME Bank ang bagong sangay nito sa Valencia City, Bukidnon noong ika-18 ng Hulyo 2022,

2

## KWENTONG TAGUMPAY

### ANG MAPAGPATAWAD NA MANANAHI

3

### ANG TAMIS NG IKALAWANG PAGKAKATAON

3

Basahin ang isyung ito upang manalo ng ₱50.00 load via konek2CARD!

**Saan binuksan ang ika-37 sangay ng CARD SME Bank?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CARD MRI FOUNDER, DUMALO SA...

1

kanyang adbokasiya na sugpuin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng paghahatid ng produktong *microfinance*, *microinsurance*, at serbisyong pangkaunlaran sa mga mahihirap na komunidad. Samantala, si Dr. Tan Caktiong naman ay kinilala sa kanyang adhikain sa Jollibee Group na maipakilala ang isang Filipino *company* bilang isang *brand* sa ibang bansa.

Kasama niya sa *awarding ceremony* ay ang mga nakaraang ginawaran ng RVR Awards na sina dating Planters Development Bank Chairman and CEO Ambassador Jesus P. Tambunting at dating Department of Agriculture Secretary Senen Bacani. Sila ang unang tumanggap ng pagkilala noong 2010.

Ang RVR ay inorganisa ng JCI Manila, PHINMA Corporation, at Asian Institute of Management Center for Corporate Responsibility.

## CARD SME Bank binuksan ang...

1



*Pinangunahan nina CARD SME Bank Senior Adviser Mary Jane Perreras, CARD SME Bank President and CEO Cynthia Baldeo, at Boad of Director Chona Felisidario ang ribbon cutting ceremony ng pagbubukas ng ika-37 sangay ng CARD SME Bank sa Valencia City, Bukidnon.*

na mayroon ng kabuuang 37 sangay sa buong bansa.

"Ang tagumpay na ito ng CARD SME Bank ay dahil sa mga taong patuloy na nagsusumikap at pinanghahawakan ang kultura at kaugalian na mayroon ang CARD MRI bilang isang organisasyon. Ang kaibuturan ng aming ginagawa ay magbigay ng serbisyo sa mamamayang Pilipino," pagsasaad ni Baldeo.

Bilang bahagi ng pangako na maialis ang kahirapan sa bansa, magpapatuloy ang CARD SME Bank sa pagpapalakas ng mga kababaihan at kanilang pamilya sa pamamagitan ng paghahatid ng produktong pampinansyal at serbisyong pangkaunlaran. Ang mga kliyente nito sa Valencia City ay magkakaroon na ng akses sa mga produkto at serbisyong pambangko ng CARD SME Bank tulad ng *SME loans*, *microfnance loans*, *savings*, at *remittance*.

Sa pagtatala nito noong Hunyo 2022, ang CARD SME Bank ay nakapagbigay serbisyo na sa 1,143,401 na mga kliyente sa buong bansa.

Nangangako naman ang bangko na patuloy nitong palalawakin ang maaabot ng serbisyo nito habang inihahatid nito ang hindi mapapantayang serbisyo at dedikasyon na maiangat ang pamumuhay ng pamilyang Pilipino.

# CARD MRI PUBLISHING HOUSE, IPINAGDIWANG ANG IKA-5 ANIBERSARYO NITO

*ni Harlene Reyes*

Ipinagdiwang ng CARD MRI Publishing House ang ika-5 anibersaryo ng pagkakatatag nito noong Hulyo 11, 2022.

"Bilang institusyon sa ilalim ng CARD MRI, kinaharap namin ang mahalagang papel ng pagtatala ng kasaysayan ng lahat ng pagsusumikap ng CARD MRI upang masugpo ang kahirapan sa bansa. Umaasa kami na sa pamamagitan ng mga nailathala naming mga publikasyon, mapananatili naming buhay ang pamana ng CARD MRI," pagbabahagi ni Marilyn Manila, ang presidente ng CARD MRI Publishing House.

**Libro, dyaryo, at iba pa**

Nagsimula ang CARD Publishing sa paglalathala ng Sulong: Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI. Ito ay isang *development-oriented* na pahayagan na ipinapadala sa lahat ng opisina ng CARD MRI at sa iba pang *external outlet* nito.

Nakapaglimbag na rin ito ng mga libro tulad ng "*Microfinance and Beyond*" at "*Three Decades of Serving the Poor*" na isinulat ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip. Naglalabas din ng *travel catalog* ang CARD Publishing na tinawag na CARDventures simula 2019.

Simula rin noong 2018 ay naglalathala ang CARD Publishing ng Forward Magazine. Layunin nitong maipakilala ang kultura at kaugalian ng CARD MRI sa komunidad nito.

4

# CARD RBI, nagbukas ng sangay sa Agusan del Sur

*ni Josephine Ramos*




Binuksan ng CARD RBI ang ika-37 sangay nito sa San Francisco, Agusan del Sur. Ito na rin ang ikalimang tanggapan nito sa Mindanao.

Ang pagbubukas na ito ay alinsunod sa misyon ng buong CARD MRI banking group na maghatid ng akses sa pampinansyal at serbisyong pangkaunlaran sa mga komunidad sa lungsod at maging sa kanayunan sa bansa. Ang pagbubukas na ito ay dinaluhan nina (kaliwa patungong kanan) CARD MRI RIZAL BANK President and CEO Elma Valenzuela, Executive Vice President Juliana de Leon, Board of Director Leonora Lasco, at Vice President Ma. Adoracion Ola.

## KWENTONG TAGUMPAY

# ANG TAMIS NG IKALAWANG PAGKAKATAON

*ni Lynfa Tan*



*Gaya ng espesyal na carmelado, ang matamis na ngiti ni Marilou rin ang nagpatibay sa magandang relasyon at sa pamanang resipi ng kanilang pamilya.*

Isa sa mga sikat na delikasiya sa Masbate ang produktong *Pastillas de Leche*, isang tradisyonal na kendi na gawa sa gatas ng kalabaw at asukal. Ito ay mas kilala sa tawag na *carmelado* sa Masbate na isang sikat na delikasiyang Pinoy na pampasalubong.

Si Marilou Delavin ay isa sa mga bihasa sa paggawa ng *carmelado* at siya ay personal na dinarayo ng kanyang mga mamimili sa Milagros, Masbate upang matikman at bumili ng kanyang orihinal na pastillas. Nasa ikaapat na baitang pa lamang si Marilou nang matutuhan niya kung paano gumawa ng pastillas sa kanyang lola. Dahil dito, pinasok na rin niya ang ganitong klase ng negosyo. Siya ang nagmana ng resipi ng pastillas ng kanyang pamilya.

Taong 2005, naging kliyente si Marilou ng CARD Bank para matustusan ang kanyang munting negosyo. Ngunit nang tumuntong na sa kolehiyo ang kanyang mga anak, kinailangan ni Marilou na mas pagtuunan ng atensyon ang mga gastusin sa pag-aaral ng mga ito. Taong 2010, nagdesisyon siyang umalis sa CARD.

Bagamat nakayanan ni Marilou na pag-aralin ang kanyang mga anak, nagkaroon naman siya ng panghihinayang sa pag-alis niya sa CARD kung kaya't naisipan niyang muling bumalik sa CARD noong 2016.

"Nagpapasalamat ako sa CARD sa pangalawang pagkakataon na muling maging miyembro ng institusyon. Kaya ngayon, alam ko na ang kahalagahan ng pagkakaroon ng *savings* para sa kinabukasan ng aking pamilya at upang maging *insured* sa anumang mga krisis," paliwanag niya. Ang hilig ni Marilou sa paggawa ng mga kendi at ang namana niyang resipi ang kanyang naging sangkap upang muling maging maginhawa ang kanilang buhay. Sa tulong ng dagdag na puhunan mula sa CARD Bank, muling naitayo at naipakilala ni Marilou ang kanyang espesyal na *carmelado*.

Kinilala ng Department of Trade and Industry ang *homemade candy* ni Marilou. Katulong ang kanyang mga apo sa pagbebenta ng mga kendi, lubos na nagpapasalamat si Marilou dahil nakikita niya kung papaano minamahal ng kabataan ang paggawa ng pastillas at pamana ng kanilang pamilya.

Emosyonal din si Marilou dahil alam niya na ang resiping minana niya sa kanyang lola ay magtatagal at matitikman pa ng iba pang henerasyon.

Masaya rin siya dahil mas matamis ang tagumpay ng pagbabalik ng kanyang *special carmelado*.

# ANG MAPAGPATAWAD NA MANANAHI

*ni Josephine Ramos*

Nagsimula si Joffre Tayco na magtrabaho sa isang kilalang *brand* bilang isang mananahi sa edad na 18.

Sa kanyang naging karanasan, napagdesisyunan niya na magtayo ng sariling patahian.

Naging mahirap sa kanyang magsimula sa wala. Tinuruan niya ang kanyang mga empleyado kung paano manahi. Matapos makakuha ng kaalaman sa pananahi, ang kanyang mga tauhan, agad namang lumilipat ang mga ito sa iba para sa mas malaking kita.

Kahit mataas ang bilang ng mga umaalis niyang empleyado, determinado pa rin siyang magpatuloy.

Hindi siya napapagod na sanayin ang kanyang mga bagong tauhan. Kahit wala pang karanasan sa pananahi, basta't gustong matuto ay handang ibahagi ni Joffre ang kanyang mga kaalaman at karanasan, dahil para sa kanya, "ang karakter ay mas mahalaga kaysa sa kakayanan".



*Sa kanyang paninindigan at determinasyon, si Joffre Tayco ay nag tagumpay sa negosyong pananahi.*

Mahalaga rin para kay Joffre ang "pagpapatawad". Sa kabila ng pag-alis sa kanya ng mga nauna niyang tauhan, tinanggap pa rin niya ang mga ito noong sila ay bumalik sa kanya. Ngayon, ang kanyang patahian ay mayroon ng 16 na empleyado kaya't mas marami na ang kanyang mga nagagawang produkto.

Sa patuloy na paglago ng kanyang negosyo ay nakabili na siya ng sasakyan at lupa sa kanyang probinsya.

Kinailangan niya ang tulong ng CARD SME Bank para sa karagdagang kapital ng kanyang negosyo. Sa kanyang *loan* sa CARD SME Bank, nakabili siya ng mga karagdagang makinarya at mga tela na kailangan sa pananahi. Siya ngayon ay 12 taon ng kliyente ng bangko.

Darating ang mga panahon na tatalikuran ka ng mga tao para sa magandang buhay na kanilang inaasam.

Isa sa mga matututuhan sa kwento ni Joffre sa pagnenegosyo ay ang pagkakaroon ng tamang pag-iisip, magandang karakter, at isang mapagkakatiwalang pampinansyal na institusyon katulad ng CARD SME Bank.



MSMEs are important because they are the backbone of our economy. They employ more than five million workers or approximately 63 percent of the country's workforce.

Job creation through MSMEs benefits the poor and vulnerable, directly reducing poverty, and increasing income. They positively impact household investments in education and health over time. The contribution of MSMEs to broader social economic objectives makes them a key priority area for achieving our Sustainable Development Goals (SDGs). MSMEs help in poverty reduction and stimulate economic development in rural areas.

**Dr. Jaime Aristotle B. Alip**
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

To read more: visit https://mb.com.ph/2022/08/01/msme-is-the-key/

## CARD MRI PUBLISHING HOUSE... 2

### Ang publishing sa new normal

Unang inilabas ng CARD Publishing noong 2018 ang "Ang Magic Alkansya ni Carding", isang *coloring book* na nagtuturo sa mga bata sa kahalagahan ng pag-iimpok. Upang ipagpatuloy ang ganitong inisyatibo, ginawa ito ng CARD Publishing na isang *online learning session* kung saan ang kwento ni Carding ay binigyang buhay sa pamamagitan ng animasyon.

Naglunsad din ang CARD Publishing ng iba't ibang *webinar* upang mapaghusay ang kakayahan ng kabataan sa kanilang pagsulat at pagbobrodkast.

### Ang kinabuksan ng CARD Publishing

Ipinakilala din ng CARD Publishing ang opisyal na maskot nito na si *Koa the Kwago* bilang simbolo ng institusyon. Makikita si Koa sa mga *pop-up event* nito na tinatawag na Koa Kafe. Ipinakilala rin sa aktibidad na ito ang kwentong "Ang Lapis ni Anya" na nagtuturo sa kabataan kung paano ang tama at matalinong paggamit ng mga gadyet.

Nailathala rin ng CARD Publishing ang Agri-Kaalaman Guidebook upang manghikayat ng *sustainable food production* sa bansa. Gayundin, naglabas din ang CARD Publishing ng isang *online portal* na tinatawag na MFI Newswire. Ito ay naglalaman ng mga artikulo tungkol sa mga inisyatibo ng *microfinance* at *microinsurance industries*.

"Magpapatuloy ang CARD Publishing na maglilimbag ng mga libro at iba pang publikasyon upang maibahagi ang pangarap, misyon, kultura, at kaugalian ng CARD MRI na magbibigay ng inspirasyon at magganyak sa paglago at pag-unlad ng mga komunidad," pagbabahagi ni Manila.


CARD Sulit Padala

Check out these fees!

| AMOUNT (PHP) | FEES (PHP) |
|---|---|
| 1 - 200 | 1 |
| 201 - 300 | 2 |
| 301 - 400 | 3 |
| 401 - 500 | 7 |
| 501 - 600 | 8 |
| 601 - 700 | 10 |
| 701 - 900 | 12 |
| 901 - 1,000 | 15 |
| 1,001 - 1,500 | 20 |
| 1,501 - 2,000 | 30 |
| 2,001 - 2,500 | 40 |
| 2,501 - 3,000 | 50 |
| 3,001 - 3,500 | 60 |
| 3,501 - 4,000 | 70 |
| 4,001 - 5,000 | 90 |
| 5,001 - 6,000 | 114 |
| 6,001 - 7,000 | 118 |
| 7,001 - 9,500 | 125 |
| 9,501 - 10,000 | 140 |
| 10,001 - 15,000 | 210 |
| 15,001 - 20,000 | 250 |
| 20,001 - 30,000 | 290 |
| 30,001 - 40,000 | 320 |
| 40,001 - 50,000 | 400 |
| 50,001 - 100,000 | 1% of Principal Amount |



@CARDSulitPadalaOfficial

konek2CARD
Maaasahan, kahit nasaan man!



Available in Playstore. Download now!
CARD Bank konek2CARD
CARD SME Bank konek2CARD
CMRBI konek2CARD

Please disregard any offers from FB Accounts claiming to be konek2CARD Agents. We will never ask you to transfer or deposit money in exchange for processing your konek2CARD registration, loans, or opening a savings account.
For you safety, only send your online inquiries to the official Facebook Page of konek2CARD and transact with your Account Officers.
@konek2CARDOfficial



SULONG EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Victor Angelo U. Aranza
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Lynfa A. Tan
Writers